# AKO

## *mga tulang-pambata*

Nilalaman

1 Bata
2 Puno
3 Bagyo
4 Ulap/Lilim/Hangin/Tubig/Buhangin
5 Bituwin
6 Aso
7 Pusa
8 Daga
9 Bubuwit/Kuting
10 Tutubi
11 Titser
12 Ako'y Isang Nanay/Ako'y Isang Anak
13 Lolo
14 Bata

## Bata

Ako'y isang bata,
laging inaaruga,
inuuna sa lahat.

Ipinaghihimay
ng ulam na isda
ni Nanay.

Pinagugupitan
sa barbero sa kanto
ni Tatay.

Inaalalayan
sa bisikleta
ni Kuya.

Sinusuklayan
ng buhok
ni Ate.

Marami rin akong
kayang gawin
bilang isang bata.

Kaya kong halikan
nang kay tunog
sa pisngi si Nanay.

Kaya kong yakapin
nang kay higpit
si Tatay.

Kaya kong iguhit
sa papel ang mukha
ni Kuya.

Kaya kong gawan
ng pusang papel
si Ate.

Ako'y isang bata
na marami ring
maaaring magawa.

**Puno**

Gusto kong
maging isang
puno.

Gusto kong saluhin
ang mga hamog
na pumapatak
sa madaling-araw.

Gusto kong dapuan
ng mga batang ibon
na naghahanap
ng tahanan.

Gusto kong liliman
ang masisipag
at nagpapahingang
magsasaka.

Gusto kong akyatin
ng mga batang
nais matikman
matamis kong bunga.

Gusto kong mapuno
ng tinig ng mga bata
ang paligid nang bumilis
ang aking paglaki.

Gusto kong pagtalian
ng duyan ng batang
laging umiidlip
sa tanghali.

Gusto kong maging muhon
ng mga batang naglalaro
ng taguan sa ilalim
ng bilog na buwan.

Gusto kong saanman sila
makahanap ng pagtataguan,
ako pa rin ang tangi
nilang babalikan.

Gusto kong
maging isang
malaking puno
balang-araw.

**Bagyo**

Ako ay may mata,
lakas at hininga.

Pinaghahandaan
ang aking pagdating.

Katawan ko'y gawa
sa tubig at hangin.

Mata ko'y matalim
na kidlat sa langit.

Boses ko'y kulog
na marami ang takot.

Pagtama sa lupa,
laro'y simulan na!

Luksuhin ang bundok,
dukwangin ang ilog.

Daho'y pasipulin,
ugat ay lunurin,

Puno'y paawitin,
poste'y pagsayawin.

Kagatin ang yero,
sa bubong magpatintero.

Bakbakin ang dingding,
pako'y pangatugin.

Ako'y isang bagyo,
sumisirko-sirko.

Ngala'y nasa diyaryo,
telebisyon at radyo.

**Ulap**

Hugis ko'y iba-iba,
gabi man o umaga.
Kahit na anong bagay
sa akin makikita.

**Lilim**

Ako'y iyong saluhin
sa palad mong kay liit,
nang aking maiguhit
itsura ko't kawangis.

**Hangin**

Ako'y hanging dumating,
sa 'yong balat dumampi,
di mo maiguguhit,
di mo rin mahuhuli.

**Tubig**

Tubig akong malikot,
hilig magpadausdos
sa bubong at alulod,
gustong-gustong mahulog!

**Buhangin**

Ako'y gawing palasyo
na sintaas ng bundok,
gustong-gustong gumuho,
nang muli mong itayo.

**Bituwin**

Ako'y isang pusikit na bituwin,
tulog kung araw, sa gabi'y gising,
sa inyong bintana'y nakasilip,
ako sana'y iyong silipin.

Sa kalawakan, ako'y maraming kaibigan,
sa dami, pangalan nila'y di ko matandaan.
Sa gabi'y lagi kaming magkakalaro
basta't walang alisan sa aming puwesto.

Kung minsan ako rin ay burda
sa punda ng iyong yakap na unan,
disenyo sa panyo katabi ng iyong pangalan,
o premyo ng guro sa inyong paaralan.

Sa akin puwede kang humiling
kung may isang bagay na gustong kamtin,
ituro mo lang ako at saka pumikit,
ang iyong nais, sabihin sa akin.

Tinig mo'y dinig ko kahit nasa malayo,
tanaw rin kita rito sa aking puwesto,
isang batang nakatingala, mata'y namimilog
nakakuwadro sa bintana, kay gandang retrato!

**Aso**

Ako’y isang aso,
naghihintay sa ‘yo.
Ako’y nagugutom,
pagkai’y hangad ko.

Ako nama’y bantay
sa inyong bakuran,
sa likod at harap
ng inyong tahanan.

Maging sa magdamag,
sa munting kalampag,
kahit ako’y puyat,
tiyak magsisiyasat.

Mukha ma’y mabagsik,
buntot may maikli,
tunay na malambing,
tunay na bayani.

Ako’y isang aso,
naghihintay sa ‘yo.
Nais kong mabusog,
at makipaglaro,

sa ‘yo aking mahal
na amo!

**Pusa**

Ako sana ay kalungin,
balahibo ko'y himasin.
Ngayon ako'y naglalambing
sa iyong di namamansin.

Balahibo'y ikiniskis
sa binti mong anong kinis.
Ngayo'y dumidikit,
sa iyong ulo'y mainit.

Ang mata ko'y naniningkit,
Nguso ko ay ididikit.
Ako ngayo'y naglalambing,
huwag sanang paalisin.

Ako sana ay buhatin,
pagkatapos pakainin.
Ako sana ay pansinin,
halikan na at lambingin.

**Daga**

Ako'y isang daga,
kaaway ng pusa.

Maliksi't matalino,
hindi paloloko.

Ngipin ko'y matalim,
galing sa 'yong ngipin.

Kaya kong ngatngatin,
damit at sulatin.

Ang iyong damitan,
aking palaruan.

Sa maruming silid
ako'y lumalaki.

'Wag akong lasunin,
sa pain hulihin.

Kung nais umalis,
ikaw ay maglinis!

**Bubuwit**

Ako'y isang bubuwit,
nagsasanay ngumatngat
ng mga biskuwit.

Gusto kong magtambling
sa malalambot
na retaso.

Ako'y nagsasanay
tumakbo
nang matulin.

Ako'y takot sa kuting
kaya ako'y nagsasanay
magtago.

Sa sulok-sulok ng bahay
ako'y nakakubli
sa labas di dapat mawili.

Sa maliliit na butas
ako'y nakatira nang di mahuli
ng kuting na gumagala.

Ako'y mabilis
tumakbo't
tumalon.

Sa isang kuting
na kay siba,
ako'y di pahuhuli.

Dasal ko'y maligtas
sa mabangis na kuting
sa araw-araw.

**Kuting**

Ako'y isang kuting
nagsasanay umakyat
sa dingding.

Gusto kong tumawid
sa mahabang alulod
ng bahay.

Ako'y nagsasanay
tumakbo
nang matulin.

Hanap kong lagi'y bubuwit
kaya mata ko'y
pinatatalas.

Sulok-sulok ng bahay
paboritong pasyalan
baka may mahagip na laruan.

Sinisilip ang maliliit na butas
katawa'y di kasya,
mahuli sana bubuwit na mataba.

Ako'y mabilis
tumakbo't
manghuli.

Sa isang bubuwit
na kay liksi,
masusubok ang bilis.

Dasa ko'y biyayang
maliksing bubuwit
sa araw-araw.

**Tutubi**

Ako’y isang tutubi,
lumilipad sa bukid.

Ako’y huwag hulihin
ng daliring maliit.

Sa malaking garapon,
huwag akong ikulong.

Nais ko ay lumipad
magamit itong pakpak.

Nais ko ay dumapo
sa bulaklak at damo.

Huwag akong hulihin
at pakpak ay putulin.

Matuwang ako’y tingnan,
abot ang kalangitan.

Ako’y batang tutubi
na gusto ring makauwi.

**Titser**

Ako’y isang titser sa aming bahay,
pisara’y dingding o aparador ni Nanay,
tsok ko ay inumit ni Ate sa paaralan,
mag-aaral ko’y mga kalaro at pinsan.

Ako’y nagtuturo sa kanilang magdrowing
ng mga pusa, aso, baboy at kambing.
Tinuturuan ko silang bilangin
ang mga numerong nakaduduling.

Ako’y nagtuturo sa kanilang magsulat
ng mga letrang may mataba at payat.
Hawak ko ay isang mahabang patpat
para gisingin ang mga letrang tila puyat.

Pero pagdating ng masarap na meryenda,
sa pag-aaral, kami’y titigil na muna
ako’y di na titser kundi isang kaibigan,
papalit ang maraming kuwento at tawanan.

Pero kailangan naming mag-imis,
burahin ang mga isinulat namin sa dingding
o sa aparador ni Nanay bago siya dumating
upang siya’y mangiti, ibigay ang halik naming hiling.

**Ako'y Isang Nanay**

Ako'y nag-iisang Nanay
ng aking manal na anak.

Sa aming malaking bahay,
ako'y lagi niyang kasama.

Sa aming malaking hapag,
pagkai'y laging masarap.

Sa kay ganda naming hardin,
katuwang sa pagdidilig.

Siya'y laging tinatawag,
ngalan niya'y binibigkas.

Sa aming kamang kay laki
siya'y lagi kong katabi.

Sa umagang pagkagising,
hiling ko'y halik sa pisngi.

Ako'y nag-iisang Nanay
ng aking mahal na anak.

Sa aming malaking bahay,
kami lang ang nakatira.

**Ako'y Isang Anak**

Ako'y nag-iisang anak
ng aking mahal na Nanay.

Sa aming malaking bahay,
siya'y laging kaagapay.

Sa aming malaking hapag,
luto niya'y anong sarap.

Sa aming magandang hardin,
gustong-gusto kong magdilig.

Ako'y laging tinatawag,
pangalan ko'y binibigkas.

Sa aming kamang kay laki
si Nanay laging katabi.

Sa umagang pagkagising,
bati ko'y halik sa pisngi.

Ako'y nag-iisang anak
ng aking mahal na Nanay.

Sa aming malaking bahay,
kami lang ang nakatira,

parehong laging masaya!

**Lolo**

Ako'y lolo
ng mga batang tulad mo.

Mahina ang tuhod
kaya laging may tungkod.

Laging inuubo o nahihilo
kaya sa bulsa'y laging may gamot.

Iilan lang ang puwede kong kainin
kahit sa mesa'y maraming nakahain.

Sa dami ng aking mga apo,
pangalan nila'y di ko na memoryado.

Ang mga kaarawan nila'y dumarating
nang di ko pansin, isip kasi'y di na matandain.

Salamat sa aking mga apo,
gustong-gusto nila ang gawa kong trumpo.

Sila ang lagi kong bisita tuwing Linggo
kahit ako'y laging inaantok o hinahapo.

Kung kaarawan ko naman, matunog
na halik ang kanilang laging regalo.

Tuwang-tuwa ako, lagi ko tuloy
naaalala ang mahal kong Lolo.

Ako ang paboritong apo ng aking Lolo
na nagturo sa aking gumawa ng trumpo.

**Bata**

Ako'y isang bata.
Gusto kong mag-aral sa masayang paaralan.
Maglaro sa malawak na bakuran.
Magbasa ng magagandang kuwento.
Maligo sa malaking batya.
Magsulat gamit ang lapis.
Magsuot ng maliliit kong damit.

Lalaki rin ako balang-araw.
Balang-araw, papasok din ako sa opisina.
Magtatanim ng halaman sa bakuran.
Magsusulat ng magagandang aklat.
Matututong lumangoy sa dagat.
Magsusulat gamit ang bolpen.
Magsusuot ng malalaking damit.
Darating ang panahong ako ay lalaki.

Pero gusto ko munang maging bata sa ngayon.
Gusto kong maglaro, mag-aral at magbasa.
Minsan lang akong magiging bata!
Masaya talagang maging bata!

Hayaan muna na ako'y maging isang bata!